
# PAMANA

**The Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Rev. Fr. Anton CT. Pascual

Abril 11, 2026




Habang ipinagdiriwang ng Lord's Flock ang ika-apat napung (40th) Anibersaryo ngayong buwan, tayo bilang miyembro ay tinatawag upang ma-discern ang kinabukasan ng komunidad, lalo na sa bilang na 40 na may biblical significance na kadalasan nagsasaad ng transisyon o banal na pahayag. Dapat nating isa-puso ang tawag ng Diyos "maging propeta sa mga bansa" (Jer. 1:5). Ito ay sinabi na kailangan ng mga tao na mabuhay, magmahal, upang matuto at mag-iwan ng pamana. Sa kabila nito, bilang isang komunidad, maaari tayong gumawa ng pangmatagalang pamana sa pamamagitan ng pagpapahalaga ng ating IDENTITY (kaibahan sa lahat), pagpapanatili sa ating INTEGRIDAD sa paglipas ng mga dekada, at napagtatanto ang EPEKTO ng komunidad sa buhay ng mga indibidwal.

1. **Komposisyon ng Pamana**
   - 1.1. Pangunahing Pilosopiya. Kailangan nating bumalik sa pangunahing layunin na ibinigay sa mga nagtatag at nagprotekta sa vision, mga turo at mga testimonya na naitala sa pamamagitan ng ibat-ibang uri ng media upang maprotektahan ang komunidad mula sa panganib ng paghahati-hati.
   - 1.2. Mga aral na Konteksto. Ito ay mga aral at pilosopiya para maiangkop sa pagbabago sa lipunan na nagpapakita ng kasalukuyang kalagayan o kalakaran upang mabuhay at umunlad ang komunidad.
   - 1.3. Mga Personal na Impresyon/Interpretasyon. Ito ay mga kwento, personal na komento at ideyang hindi obligasyon.
2. **Kahalagahan ng Vision**

   Ang Vision ay isang pahayag na ibinigay ng Diyos sa mga pinuno na nagtatakda ng direksyon sa komunidad. Mahalaga ito dahil kung walang vision, ang mga tao ay mawawala.
   - 2.1. Kung tayo'y tapat sa Vision, mararanasan nating ang gabay ng Diyos, direksyon ng komunidad at habam-buhay na pag-unlad.
   - 2.2. Sa kabilang banda, kung ang mga pinuno at miyembro ay lumihis sa Vision, ang resulta ay ang moral na pagkabulok, espiritwal na panlinlang o idolatriya (Exo. 32), at communal na kawalan ng pag-asa o pagkabigo.
3. **Mga kinakailangang Pag-iingat.**
   - 3.1. Anti-kulto. Dapat huwag nating sambahin ang mga pinuno, sa halip, pahalagahan ang kanilang mga turo at mga pilosopiya.
   - 3.2. Anti-drift. Mag-ingat tayong huwag lumayo sa direksyon ng isip at puso ng mga Founders-Elders.
   - 3.3. Anti-abuso. Dapat maingat tayo sa anumang uri ng pang-aabuso (gaya ng pang-ekonomiya o sekswal) sa loob ng komunidad.
   - 3.4. Anti-fracture/fragmentation. Dapat mag-ingat sa anumang anyo ng paghahati-hati.
4. **Dapat may F.A.I.T.H. ang mga namumuno.**
   - 4.1. **F**airness – patas sa pakikitungo
   - 4.2. **A**ccountability sa pagtanggap ng responsibilidad sa kanilang mga aksyon, desisyon at patakaran
   - 4.3. **I**ntegridad, kabuuan ng isip, katawan at espiritu
   - 4.4. **T**ransparency sa pananalapi
   - 4.5. **H**umility, ang pinakadakilang virtue.

**Konklusyon:**

Sa kabuuan, ang pamana na iniiwanan ng anumang organisasyon ay nagreresulta sa maayos na pamumuno. Ang mga pinakadakilang leader ay ang mga nagpapakita ng personal na kababaang–loob ngunit malakas ang loob. Ipagdasal natin ang ating mga pinuno na maging masunurin sa Espiritu at mamuhay sa espiritwal na pamamahala (2 Cor. 5:7) habang itinatakda nila ang direksyon ng komunidad para sa kinabukasan.

**Pagninilay**:

1. Ano ang maaari mong gawin upang makapag-ambag sa pagkamit ng vision na itinakda ng Diyos para sa komunidad?
2. Handa ka bang ipagdasal ang kapakanan ng ating mga pinuno at kinabukasan ng komunidad?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis. Nida A. Cruz
Tags: #Pamana #Vision#TLFatForty
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1CEg2JuR61/